REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panlungsod

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 99-154**

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA KUMIKILALA, NAGPAPATOTOO AT NAGTATAKDA NG OPISYAL NA TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION (TODA) SA BAWAT SONA/RUTA NG TRAYSIKEL SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA AT TANGING MAY KARAPATAN SA ITINAKDANG BILANG NG AWTORISADONG YUNIT SA KANI-KANILANG SONA/RUTA.**

************************************************************************

Ipinanukala nina: **Kon. Lucio B. Constantino**
**Kon. Dante S. Almario**
**Kon. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kon. Victor L. Ulanday**
**Kon. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kon. Elmer S. Espeleta**
**Kon. Artemio A. Simundac**
**Kon. Aldrin L. San Pedro**
**Kon. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kon. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kon. Raul R. Corro**
**Kon. Nicanor L. Echavez, MD**
**Kon. Bal Niefes**
**Kon. Allan Rey A.Camilon**

************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksiyon 20.1 ng Kautusang Panglungsod Blg. 96-66 na lalong kilala sa tawag na ORDINANSA PARA SA MGA TRAYSIKEL SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA, taong 1996, ***"kinakailangan ang pagtatatag ng isang samahan ng mga namamahala (operators) at mga drayber ng traysikel upang mapanatili ang kaayusan, kalinisan at disiplina sa mga terminal"***;

**SAPAGKAT,** alinsunod naman sa Seksiyon 20.4.4 ng Kautusang Panlungsod Blg. 98-011 na nag-aamyenda sa Seksiyon 20.4 ng ORDINANSA PARA SA MGA TRAYSIKEL SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA, taong 1996, ***"ang bawat TODA sa bawat sona/ruta ng traysikel ay dapat rehistrado sa Securities and Exchange Commission at pinagtibayang totoo ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa matapos ang rekomendasyon ng Muntinlupa Tricycle Franchising and Regulatory Board (MTFRB)";***

**SAPAGKAT,** sa paglipas ng mahigit na tatlong taon mula nang mapagtibay ang "ORDINANSA PARA SA MGA TRAYSIKEL SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA, taong 1996" noong ika-29 ng Abril, 1996, wala pang TODA ang pinagtibayang totoo ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa at kilalaning opisyal na TODA sa kanilang sona maliban sa FISHTODAI, JPATODA at BSTODAI sa mga sonang Filinvest Housing, JPA Subdivision at Alabang-Cupang-Buli ayon sa kanilang pagkakasunod, kaya ang iba ay nakikisukob sa ibang TODA, na hindi rin naman opisyal o kaya ay nananatiling halos walang basbas na legal ang operasyon;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos.: 543-0766 * 862-2711 * 862-2377 loc. 141
Telefax: 543-0754 * 862-6196

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na kilalanin bilang mga opisyal na TODA sa kani-kanilang mga sona/ruta na naitakda ayon sa Kautusang Panglungsod Blg. 96-66 at sa mga Kautusang Panglungsod na nag-amyenda nito upang ang operasyon ng mga TODA ay maiayon na sa mga umiiral na mga Kautusang Panglungsod, pagkatapos ng rekomendasyon ng Muntinlupa Tricycle Franchising and Regulatory Board (MTFRB), ang mga sumusunod:

| BARANGAY | SONA | AWTORISADONG YUNIT | OPISYAL NA TODA |
|---|---|---|---|
| **ALABANG** | Alabang Proper-Cupang | 1,100 | **ABCMSTODA at ACMSTODA** |
| | Rizal Village | 50 | **TODARVA** |
| | San Jose Village | 25 | **SJVTODA** |
| | Filinvest Housing | 50 | **FISHTODAI** |
| | Alabang-Cupang-Buli | 450 | **BSTODAI** |
| **AYALA-ALABANG** | Ayala-Alabang | 50 | **AAVTODA** c/o Ayala-Alabang Village Association Narra Rd., Ayala-Alabang Village, Muntinlupa City |
| **BAYANAN** | Bayanan Proper | 250 | **BPTODAI** |
| | Pleasant Village | 100 | **BPITODA** |
| **PUTATAN** | Bruger-San Guillermo | 150 | **BFRPMTODAI** |
| | Soldier's Hills-Camella II<br>Mutual Homes I & II | 500 | **SHIMCTODAI at PSHMCTODAI** |
| | Lakeview-Camella I<br>South Greenheights-La Charina<br>South Superville | 250 | **LACASSTODA** |
| | Summitville | 95 | **SUTODAI** |
| | Country Homes | 65 | **CHATODA** |
| **CUPANG** | Alabang Hills Village | 60 | **AHVTODA** |
| **POBLACION** | Poblacion Proper-Rizal Street | 350 | **SANGTODAI** |
| | Poblacion Proper-Quezon St. | 200 | **BPMTODA** |
| | NBP Reservation-Camella IV<br>Katarungan Village | 536 | **NBPTODA** |

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panlungsod



| | | | |
|---|---|---|---|
| **TUNASAN** | Tunasan Proper<br>Villa Carolina II | 210 | **TTODA** |
| | Park Homes | 65 | **PAHOTODA** |
| | Villa Carolina I | 40 | **VCTODAI** |
| | JPA Subdivision | 40 | **JPATODAI** |
| **SUCAT** | Sucat Proper-Buli<br>Don Juan Bayview<br>Doña Rosario Heights | 150 | **TODASUCUB** |

**PINAGPASIYAHAN** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **08 ng Disyembre 1999** sa ginanap na ika-**64** na Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**NICANOR L. ECHAVEZ, MD**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

***Pahina 4***
***Kapasiyahang Panlungsod Blg. 99-154***

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**LIBAN:**

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**PINATOTOTOHANAN KO** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*

Petsa:_________